Mga palatandaan at sintomas

Meningitis:

- lagnat
- matinding pananakit ng ulo
- pagsusuka
- paninigas ng leeg
- ayaw sa liwanag
- pantal
- pagkalito, deliryo
- matinding antok, hinihimatay
- mga seizure

Septicaemia:

- lagnat at panginginig
- pagsusuka
- mga matinding kirot at pananakit ng mga biyas at kasu-kasuan
- napakalamig na mga kamay at paa
- maputla o may batik-batik sa balat
- mabilis na paghinga
- pagtatae at pananakit ng tiyan
- pula o kulay-lila na 'nagpapasa' o batik-batik na pamamantal na hindi nawawala kapag dinidiinan - gawin ang pagsubok gamit ang baso na ipinapakita sa kabilang pahina. Sa may maitim na balat, tingnan ang loob ng mga talukap ng mata o ngala-ngala kung saan mas maaaring makita ang mga batik.
- hirap sa paglalakad o pagtayo
- matinding antok, hinihimatay

Hindi lahat ay magkakaroon ng lahat ng mga sintomas na ito – maaaring lumabas ang mga ito nang hindi sunod-sunod at magkahalo ang mga sintomas ng dalawang sakit. Mahalagang humingi ng maagang payong medikal kung ikaw o isang kaibigan ay may mga sintomas na ikinababahala o isang kondisyon na mabilis na lumalala.

Tiyaking inaalagaan mo, ng iyong pamilya at mga kaibigan ang isa't isa at may nakaaalam kung masama ang iyong pakiramdam para mabantayan ka nila. Maaari itong makaligtas ng buhay!

Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa:

Meningitis Research Foundation
Libreng helpline 0808 80 03 344
www.meningitis.org

Meningitis Now
24 na oras na helpline
0808 80 10 388
www.meningitisnow.org

Mga magagamit na link:

- www.nhs.uk/conditions/meningitis
- www.nhs.uk/vaccinations
- www.nhs.uk/conditions/vaccinations/men-acwy-vaccine

UK Health Security Agency

NHS

© Crown copyright 2023
Product code IM23DISL1TA Tagalog. 1P 30k AUG 2023 (APS).
UK Health Security Agency gateway number: 2023-385

Makukuha ang polyetong ito nang naka-braille, Easy Read, simpleng teksto, audio, BSL video at isinalin sa 28 wika. Mangyaring puntahan ang **www.healthpublications.gov.uk** para mag-order ng iyong mga kopya ngayon o tumawag sa 0300 123 1002.

UK Health Security Agency

NHS

Meningitis at septicaemia

Huwag balewalain ang mga palatandaan



immunisation
the safest way to protect your health

Maging alisto, maging handa

Ang meningococcal meningitis (pamamaga ng lining ng utak at gulugod) at septicaemia (pagkalason ng dugo) ay mga di-pangkaraniwan ngunit napakamapanganib na sakit na maaaring makamatay o magdulot ng mga kapansanang nakaaapekto sa buhay at mga problema sa kalusugan. Maaaring humantong sa sepsis ang parehong meningitis at septicaemia.

Higit na nasa panganib ang mga teenager, at partikular ang mga estudyante sa unibersidad. Ngunit maaari mong protektahan ang iyong sarili laban sa apat na uri ng meningococcal na sakit sa pamamagitan ng pagkuha ng iyong libreng bakuna kontra MenACWY.

Protektahan ang iyong sarili sa pamamagitan ng bakuna kontra MenACWY

Ang karamihan sa mga teenager at kabataang nasa hustong gulang (young adult) sa UK na ipinanganak mula Setyembre 1996 ay naalukan ng bakuna kontra MenACWY habang nasa paaralan ngunit nananatili silang kwalipikado hanggang sa kanilang ika-25 kaarawan. Ang mga estudyante mula sa ibang bansa na papasok sa isang unibersidad sa UK sa unang pagkakataon na hindi pa nabakunahan kontra MenACWY ay kwalipikado rin hanggang sa kanilang ika-25 kaarawan. Kung naaangkop sa iyo ang alinman sa mga grupong ito at hindi ka pa nababakunahan, mag-iskedyul ng pagbisita sa iyong GP ngayon. Kung hindi ka sigurado, talakayin ito sa iyong GP.

Napaka-epektibo ng bakuna kontra MenACWY para sa pag-iwas sa meningococcal meningitis at septicaemia na dulot ng MenA, MenC, MenW at MenY.

Ngunit tandaan na **hindi mahahadlangan ng bakunang ito ang lahat ng uri ng meningitis at septicaemia**. Kaya napakahalaga na alam mo ang mga palatandaan at sintomas.

Regular na bantayan ang sinumang may masamang pakiramdam, maaaring makaligtas ka ng isang buhay

Alamin ang mga palatandaan at sintomas ng meningitis at septicaemia

Pagsubok gamit ang baso

Idiin nang maayos sa pantal ang gilid ng baso upang makita mo kung nawawala ito kapag dindiinan. Kung hindi ito nawawala, humingi kaagad ng tulong medikal. Kung sobrang sama ng pakiramdam mo, humingi pa rin ng tulong, kahit na nawala o hindi na lumabas ang pantal.

Ano ang mga palatandaan at sintomas?

Marami sa mga unang palatandaan - pagsusuka, lagnat, pananakit ng kalamnan, pagkapagod at pananakit ng ulo - ay mga palatandaan din ng mga di-gaano kalubhang sakit tulad ng sipon at trangkaso. Ngunit ang isang taong may meningitis o septicaemia ay karaniwang magkakasakit nang malubha sa loob lamang ng ilang oras.

Kaya napakahalaga na patuloy na binabantayan ang isang taong may sakit upang malaman mo kung sila ay mabilis na lumulubha at patuloy na magmasid kung may mga palatandaan at sintomas. Humingi kaagad ng tulong medikal kung nababahala ka para sa kanila o sa iyong sariling kalusugan.

Mahalaga rin na tingnan kung malamig ang mga kamay at paa, may matinding pananakit ng biyas at maputla at may batik-batik sa balat, dahil karaniwang lumalabas ang mga ito sa simula ng sakit. Napakalubha ng mga sintomas gaya ng pantal na hindi nawawala (gawin ang pagsubok gamit ang baso na ipinakikita sa kabila), nalilito o nagdedeliryo, o hirap magising sa sobrang antok.

Paano kumakalat ang meningitis?

Karaniwang kumakalat ang bacteria na nagdudulot ng mga sakit na ito sa pamamagitan ng malapitan o matagal na pakikisalamuha. Nangyayari nang paisa-isa ang karamihan sa mga kaso ngunit kung minsan nangyayari ang mga biglang paglaganap ng sakit sa mga paaralan o kung saan magkakasama ang mga tao sa iisang lugar, tulad ng mga bulwagan ng unibersidad.

Magpabakuna ka kontra MenACWY sa iyong GP. Sa ilang mga lugar, maaari itong makuha sa iyong parmasya.